THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## "Ikaw ba'y Bato, Espongha o Pulot-pukyutan"?

Sis. Techie Rodriguez,Elder-Founder
November 04, 2020

Ang kabutihang-loob ng Diyos ay di masusukat. Ang paglikha Niya sa sansinukob ay libre Niyang handog. Ibinibigay Niya ang lahat-lahat at hindi Niya alintana kung sino-sino ang makatatanggap ng kanyang kabutihang loob (Acts 14, Rom. 3:23). Bilang anak ng Diyos, dapat magpakabanal tayo anuman ang ating ginagawa (1Pedro 1:15), buksan ang ating puso, at maging mapagbigay sa kapwa.

**1.Ano ang ating dapat gawin sa kabutihang loob ng Diyos?**
**1.1 Maging mapagpakumbaba**. Ano ang mayroon tayo na hindi galing sa Diyos? Lahat ay kaloob Niya ((1Cor.4:7), at ang ating pasasalamat ang tangi nating balik- handog sa Kanya (Awit 50:14).
**1.2 Mamangha**. Dapat mamangha tayo sa mga likha ng Diyos. (Awit 8:2-5).
**1.3. Maging pulot-pukyutan.** Tularan natin ang Diyos (Rom. 8:29). Kung tayo ay mapagpakumbaba at namamangha, matutularan natin Siya. Ang kabutihang-loob ng Diyos ay dapat suklian natin ng pinakamataas ng papuri, ang pagbibigay sa Kanya ng kaluwalhatian.

**2. Tatlong uri ng taong nagbibigay:**
Kung tayo ay tapat na nagbibigay sa Diyos, dapat ibigay natin ang ikapu ng ating oras, talento at yaman.
**2.1" Bato"**- Ang taong ito ay may matigas na puso, at hindi marunong magbahagi. Ano mang pukpuk ang gawin, kikislap lang ito. Anuman ang marinig ng taong may pusong matigas, hinding-hindi siya magbabahagi ng kanyang talento, oras at pera. Hindi makabubuti sa ating espirituwal na buhay ang hindi marunong magbigay.
**2.2. "Espongha"-** ito ang taong makasarili at kailangan pang pigain bago magbigay. Makikinig siya, pero wala siyang gagawin. Magbibigay lamang para lang makilala siya.
**2.3 "Pulot-pukyutan"-** ito ay ang dumadaloy na bagay mula sa mga bubuyog. Ang taong "Pulot-pukyutan," ay sobra-sobra kung magbigay ng kanilang oras, talento at yaman . Sa 2Cor. 8, parang pulot-pukyutan ang mga taga Macedonia. Sa kabila ng kanilang paghihikaos, masayang-masaya pa rin sila at bukas palad sa pagbibigay. Ang naghahasik ng kakaunti ay nag-aani ng kakaunti at ang naghahasik naman ng marami ay mag-aani ng marami (2Cor 9:6).

Ibinigay ng Diyos ang lahat-lahat sa atin. Ang hamon sa atin ay magbahagi tayo ng ating oras, talento, at yaman. Sumunod lamang tayo at hindi tayo mawawalan, bagkus, tayo ay mabibiyayaan. Ang taong mapagbigay ay lalong yumayaman, ngunit naghihirap ang tikom na kamay. Ang taong matulungin ay luluwag ang pamumuhay, at ang marunong tumulong ay tiyak na tutulungan (Kawikaan 11:24-25). Mapalad ang taong may takot sa Diyos. Ang kanyang lipi'y magiging dakila, pati mga angkan ay pinagpapala (Awit 112: 1-2).

**Pagninilay:**
Kung ang Diyos ang iyong kaligtasan, bakit atubili ka pang magbigay ng iyong oras, talento, at yaman? Ano ang kaya mong maibahagi sa ibang tao at sa simbahan? Nagbibigay ka ba dahil binabagabag ka ng iyong budhi?

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis.
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials